

1

Las Vegas, Nevada, U.S.A...

Hindi lubos-maisip ni Sabrina de Castro na makakarating siya sa Las Vegas. Hindi nga niya maisip na makakalabas siya ng Pilipinas dahil sa buong buhay niya, ang pinakamalayong lugar na narating niya ay sa Bulacan lamang kung saan nakatira ang kanyang Lola Lita. At sa Quezon City lang naman siya tumutuloy.

Ngayon naman ay nagkukunwari siyang pangkaraniwan na lang sa kanya ang makasakay ng limousine habang binabagtas nito ang Las Vegas Boulevard kung saan nakahilera ang naggagandahang mga gusali ng hotels at casinos, mga nagtatangkarang estatwa at water fountains na bumubuga ng tubig na umaabot na yata sa mga ulap. Manghang-mangha na siya at umaga pa lang noon. Hindi pa niya nakikita ang Las Vegas kapag gabi, kapag bukas na ang mga ilaw at kita na ang naggagandahang neon lights.

Gising na gising ang kanyang diwa kahit pa pagod siya galing sa biyahe. Pakiramdam niya ay hindi siya makakatulog sa paghihintay na magdilim para makita niya ang kagandahan ng siyudad kapag gabi. Sa TV at sa mga pelikula lang niya iyon nakita. Mula nang umalis ang kanyang nakababatang kapatid na si Anne patungo sa Las Vegas, naging interesado na siya sa lugar na iyon.

Bumili siya ng mga DVDs ng *CSI: Crime Scene Investigation* at *Las Vegas*, mga palabas sa telebisyon na sa siyudad mismo ang setting. Pinanood din niya nang paulit-ulit ang pelikula nina Brad Pitt at George Clooney na *Ocean's Eleven* dahil doon din ginawa ang pelikula. Nangolekta rin siya ng mga libro tungkol sa Las Vegas. Gusto niyang makilala ang siyudad kung saan naninirahan ang nag-iisang kapatid.

Ulilang-lubos na sina Sabrina at Anne. Kahit ang Lola Lita nila na nagtaguyod sa kanila ay sumakabilang-buhay na rin, limang taon na ang nakalilipas. Sa edad na twenty-one, si Sabrina na ang tumayong ama at ina ng kapatid na mas bata sa kanya nang limang taon. Tumigil siya sa pag-aaral ng kolehiyo upang magtrabaho para pag-aralin si Anne. Kumuha ito ng kursong Hotel and Restaurant Management at nangarap na makapag-ibang bansa. Nagtrabaho naman siya bilang saleslady habang nag-aaral ang kapatid. Nang maka-graduate, nag-apply at natanggap si Anne bilang crew sa isang cruise ship bago tuluyang makapunta sa Las Vegas. Nang makahanap ng trabaho roon, ito naman ang tumulong para makapag-aral siya.

Nakuha ring matapos ni Sabrina ang kolehiyo at nakamit niya ang diploma sa kursong Business Management. Nakapag-ipon at nakapagsimula rin siya ng negosyo kasama ang best friend na si Ignacio 'Iggy' Jacinto, at ngayon ay may isa na silang maliit na boutique sa *TriNoma* na tinawag nilang *Illusive Art* na kung saan nagbebenta sila ng mga hand-crafted accessories at hand-painted bags.

Twenty-seven na siya ngayon at gusto niyang isipin na isa na siyang successful businesswoman. Twenty-two naman si Anne at nagtatrabaho bilang Blackjack dealer sa *Olympian Hotel and Casino* sa Las Vegas. Ikakasal na rin ito sa isa sa mga anak mismo ng may-ari ng hotel casino na pinagtatrabahuhan.

Noong una niyang marinig ang balita ng kapatid, muntik na niyang mahulog ang telepono. Nasa boutique siya noon at nag-aayos ng mga bagong stock nang tumawag ito.

“Ate!” sigaw nito, halatang excited. “Inaya na ako ni Benj na magpakasal!”

Dahil nagulat, napatayo noon si Sabrina at nauntog sa cabinet na nakaharang sa itaas ng ulo niya. Hindi iyon namalayan ng kapatid na patuloy sa masayang pagkukuwento nito. Mas matanda ng isang taon si Benjamin Apteross kay Anne at kahit pa magiging bise-presidente ito ng hotel na pag-aari ng pamilya, nagtatrabaho rin ito sa casino bilang Blackjack dealer tulad ni Anne. Mahiyain, guwapo at magalang ang binata. Greek-American ang ama nito at Filipina ang ina. Minsan na itong dinala ni Anne sa Maynila nang magbakasyon ito kaya nakilala na ni Sabrina ang lalaki. Hindi naman siya tutol sa relasyon ng dalawa dahil nakita niyang mahal talaga ni Benj ang kapatid. Iyon nga lang...

“Hindi ba masyado pa kayong bata para magpakasal?” maang niyang tanong.

Malakas na tawa lang ang isinagot ni Anne sa kanya. “Ate

naman, twenty-two na ako! Alam ko na ang gusto ko, at ang gusto ko ay si Benj. He makes me so happy, Ate. I love him! I want to spend the rest of my life with him.”

At sa tono ng pananalita nito, hindi na nakatanggi si Sabrina. Hindi na rin siya nakatanggi nang sabihin nitong sa Las Vegas ikakasal ang dalawa at siya ang magiging maid of honor nito.

Kinausap niya ang kaibigan at business partner kung kaya ba nitong patakbuhin ang shop nila ng isang buwan na wala siya.

“Girl!” Kinurot at hinataw-hataw pa siya sa balikat ng baklitang best friend. “Kasal ng sister dear mo ‘yun! Ano ka ba! At sa States pa! Sasabunutan kita pag na-miss mo ‘yun!”

“Baka mahirapan kang mag-isa dito,” nag-aalala niyang sabi.

Nagtaas lang ito ng isang kilay. “Gaga, matagal akong nabuhay nang mag-isa. Mabubuhay pa ako nang mas matagal na wala ka.”

Umirit siya ng tawa bago niyakap at pinaghahalikan ito.

“Huwag ka lang uuwi nang kasal ka na, bruha ka,” babala ni Iggy. Sa Las Vegas madalas nagpupunta ang karamihan ng mga magnobyong para magpakasal. Madali lang kasing makakuha ng lisensya para rito at hindi na kailangang maghintay. Nagkalat din ang wedding chapels na puwedeng pagkasalan ng isang magnobyong kahit anong oras pa ng araw o gabi. “Sasampalin talaga kita kapag hindi ako naging bridesmaid sa kasal mo.”

“Gaga,” ganti ni Sabrina na nakayakap pa rin sa best friend. “Kanino naman ako magpapakasal doon, ano! Bigla na lang daw ba akong makahanap ng papa d’on. Saka ayoko ng Kano! Gusto ko pa din ng Pinoy.”

Kumuha na siya ng passport at nag-apply ng U.S. visa. Hindi nagtagal matapos noon, nasa eroplano na siya papuntang Amerika. Eto nga at namimilog pa rin ang mga mata niya, hindi makapaniwala na nasa Las Vegas na siya. Si Sabrina de Castro na malimit lumalabas ng bahay dahil takot mag-bus o mag-jeep nang mag-isa ay nakasakay sa isang limousine sa Las Vegas, Nevada, United States of America.

Nang tumigil ang kotse sa tapat ng pinto ng *Olympian Hotel and Casino*, pinagbuksan siya ng pinto ng nakangiting limo driver. Nagpasalamat siya rito at nagulat nang mapansing biglang bumukas ang malalaking double doors ng hotel at sinalubong siya ng isang tumatawa at umiiyak na Anne.

“Ate!” sigaw nito, di alintana ang ibang mga bisita na nakikiusiyoso sa kanila. Niyakap din niya ang humahagulhol na kapatid. “Ate, nandito ka! Nandito ka talaga!”

Nangilid ang luha sa mga mata ni Sabrina at hinaplos niya ang buhok nito. “Oo, nandito talaga ako,” tawa niya. “Mami-miss ko ba naman ang kasal ng baby ko?”

Binitiwang siya nito at nakangiti siyang pinagmasdan. “Hindi pa din ako makapaniwala, Ate,” sabi nito na medyo sentimental

na ang tono bago kinuha ang kamay niya at bumaling sa lalaking nasa likuran nila. “Benj! Si Ate ko!”

Nakatayo sa pintuan ang fiancé ni Anne. Malaki ang ngiti nito nang lumapit sa kanya. “Hello, Ate,” bati nito bago siya ginawaran ng halik sa pisngi. “Pagod ka na siguro. Akyat ka muna sa kuwarto mo para makapahinga ka.”

“Sa kuwarto ko? Dito sa hotel? Hindi ba ako titira sa apartment n’yo?” tanong ni Sabrina sa kapatid.

“Sa hotel muna tayo titira, Ate. Hindi na ako mangungupahan kasi nagpapagawa na kami ni Benj ng bahay. Akala namin matatapos na ‘yon kaya hindi na namin ni-renew ‘yung lease d’un sa apartment. Medyo na-delay lang ‘yung contractor kaya imbis na this month, next month na daw kami makakalipat,” paliwanag nito.

“Okay lang ‘yun, Ate,” sang-ayon ni Benj. “May mga suites tayo dito. Magkakapitbahay muna tayo in the meantime. Dito din nakatira si Kuya ngayon.”

Si “Kuya” ay ang nakatatandang kapatid ni Benj na si Benedict. Ito ang kasalukuyang CEO ng *Olympian Las Vegas* at ang magiging best man sa kasal. Hindi pa ito nakikilala ni Sabrina pero base sa mga kuwento ni Anne, mabait ang lalaki ngunit medyo nakakatakot dahil istrikto itong boss at seryoso.

“Don’t worry, Ate. Libre ka dito,” dagdag pa ni Anne. “Libre ang kuwarto, pagkain at services dito para sa ‘yo. Gift ni Kuya

Benedict sa ‘min ni Benj. Ang gagastusin mo lang dito ay kung gusto mong mag-shopping o kaya mag-casino. ‘Lika na! Akyat na tayo sa kuwarto mo.’”

Bago pa man masabi ni Sabrina na kukunin muna niya ang kanyang mga bagahe, may isang bellboy nang kumukuha ng mga iyon mula sa trunk ng sasakyan. “Don’t worry, Ma’am!” sabi ng nakangiting lalaki. “We got you covered.”

“Thanks, Brent!” Si Anne ang nagpasalamat dito bago muling hinila ang kamay ng kapatid. Bago pa sila makalayo ay nilingon niya ang bellboy at nagpasalamat, pagkuwan ay nagpakaladkad sa babae.

Isang buwan siya sa Las Vegas. Kung isang buwan siyang nakatira sa isang luxury hotel, libre ang pagkain, may room service at housekeeping, at libre rin ang services gaya ng spa at massage, sino naman siya para magreklamo?

Nang gabing iyon, nakaupo si Benedict Ibarra Apterios sa loob ng kanyang opisina at pinagmamasdan ang mga tao sa casino. Nakasuot ng amerikana ang karamihan sa mga lalaki at glamorosang mga damit naman ang attire ng mga babae. Mayroong mangilan-ngilan na simple lang ang mga suot. Makikita sa paligid ang matatanda at hustler na sa sugal, at mayroong mga batang para bang unang beses pa lang nakapasok ng casino. Nagkikinangan ang mga alahas at mabilis na nagpapalit-palit

ang pera at chips sa mga mesa. Mayroong nananalo ng libo-libong dolyar, mayroon ding nananalo ng mga barya-barya lang. Mayroon ding natatalo.

Pinanood itong lahat ng binata mula sa mga screens ng security camera. Ito ang buhay niya. Ito ang mundo niya.

Nakuha niya ang tangkad at ang pangangatawan ng Amerikanong ama at ang kayumangging balat ng Pilipinang ina. Attractive ang mukha niya, striking. Matangos ang ilong, with chiseled features and high cheekbones. He looked dangerous and very sexy. Itim na itim ang kanyang buhok at asul na asul ang kanyang mga mata.

Napakaganda ng kombinasyon ng kanyang lahi: Filipino, Greek, American. At gaya ng hitsura ni Benedict, napapagsama rin niya nang maayos ang tatlong kultura. Kahit pa Ingles ang salitang gamit sa araw-araw, mas matatas pa siyang magsalita ng Tagalog kaysa sa ordinaryong Pilipino na lumaki sa Maynila. Mahilig siya sa steak and potatoes na staple American food at sa Greek cuisine, pero magaling din siyang magluto ng adobo at sinigang.

Ni minsan hindi niya ikinahiya na Pilipino siya. Proud siya na Pilipino siya.

Nang mag-ring ang kanyang cell phone, kaagad niyang sinagot ang tawag kahit pa hindi niya alam kung sino ang nasa kabilang linya. Ilang tao lang naman ang nakakaalam ng mobile

number niya. Kung hindi niya gustong makausap ang tumatawag, malamang hindi nito alam ang private number niya.

“Benedict,” tawag ng tinig mula sa kabilang linya at napangisi ang binata.

“Hi, Lolo,” sagot niya. “Single pa po ako.”

Tumawa ang matanda sa kabilang linya. Si Jose Santiago Ibarra ay miyembro ng mayamang Ibarra clan mula sa Laoag, Ilocos Norte. Mas ninais lang nitong tumira sa Amerika kaya ang lahat ng minana nitong ari-arian na nasa Pilipinas ay ibinigay na lamang nito sa nakatatandang kapatid na si Juan Crisostomo. Pumayag naman ang kuya nitong mapunta rito ang lahat ng pag-aari ng pamilya Ibarra na nasa Amerika. Kaya eto nga’t nasa Amerika ang branch ng pamilya ni Santiago. “At bakit ‘yun naman kaagad ang naisip mong itatanong ko?” tanong nito sa panganay na apo.

Ngumiti siya at sumandal. “Bakit? Hindi ba ‘yun naman lagi ang tanong mo, ‘Lo?’”

“Para nangangamusta lang eh,” maktol nito. “Bigla na lang bang aakusahan ka ng paborito mong apo na nakikialam na naman sa love life niya?”

Nag-angat ng kilay si Benedict. Alam niya ang mga kuwento ng mga pinsan niyang naiwan sa Pilipinas, kung paano minanipula ni Lolo Crisostomo ang buhay pag-ibig ng mga ito. Hindi ba’t maski ang kapatid niyang si Benjamin ay halos ipagtulakan ng

kanyang sariling lolo na ligawan si Anne?

“Una, ‘Lo, last week lang ay si Benj ang paborito mong apo. Second, hindi mo naman ako tatawagan nang hindi love life ko ang kinakamusta. Kasi alam mong nasa mabuting kamay ang mga hotels n’yo ni Lolo Stefanos.”

Muling tumawa ang abuelo. “Siya, nabuking mo na ako. Kilalang-kilala mo nga ang lolo mo. Tumawag lang ako kasi nabalitaan kong dadating daw ang ate ni Anne. Gusto ko lang ipaalala sa ‘yo na huwag mo siyang ilagay sa ordinaryong kuwarto lang. Gusto kong nasa family suite siya, Benedict. Mahalaga ‘yan dahil pamilya siya ng magiging hipag mo.”

May naaamoy na siyang plano ng matanda kahit pa nasa Atlantic City ito at nasa Las Vegas siya. “Naka-assign siya sa suite, ‘Lo. Sa tabi ng silid ni Anne. At bago mo pa ipaalala, yes, Lolo, magiging gentleman ako sa kanya at ipapasyal ko siya dito sa Vegas. Pero, Lolo, utang-na-loob, huwag mo naman i-expect na ligawan ko siya. I can handle my own love life.”

“Well,” bulalas nito na tunog iritado sa sinabi ng apo, “wala naman akong sinasabing ganoon, Benedict. Gusto ko lang maging maayos ang bakasyon ng kapatid ni Anne.”

“I promise, Lolo. She’ll enjoy her stay here.”

“Dapat lang. Sasabay ako sa mommy at daddy mo papunta diyan bago ang kasal ni Benj. Gusto ko din makilala ang ate ni Anne. We’ll see you soon.”

“Yes, Lolo,” nakangiti na si Benedict. Pakiramdam niya ay naisahan na naman niya ang kanyang pakialamerong abuelo. Nasa dugo yata talaga ng mga Ibarra ang maging matchmakers. “Bilisan n’yo at nami-miss ko na kayo,” dagdag niya.

Tumawa ito. “Kung may asawa ka na ba, di mas mabilis pa ang pagdalaw namin diyan.”

Tumawa rin siya. Pinutol niya ang tawag at tumayo na mula sa kinauupuan. Alas siete na ng gabi. Oras na para dumalaw siya sa casino.

Lumabas siya ng opisina at tinungo ang private elevators pababa ng hotel. Sigurado niyang naglipana na naman ang mga tauhan niyang gusto siyang makausap. Hindi nga siya nagkamali.

“Sir?” tawag ng isang kitchen staff sa kanya nang makitang lumabas siya ng elevator sa casino. “There’s a slight problem in one of the restaurant kitchens tonight. We’re a little short on the wait staff so Adonis would like to request for additional assistance. We can’t spare any of the cooks right now.”

Tumango si Benedict. Isa lamang iyon sa maliliit na problema na kailangan niyang harapin bilang CEO ng isang ganito kalaking hotel. Pero kahit gaano kaliit o kalaki ang suliranin, hinaharap at niresolba niya iyon dahil hindi lang niya iyon trabaho, pamana niya mula sa mga lolo ang *Olympian Hotel and Casino*.

At lahat ng bagay na kay Benedict ay inaalagaan niya.